Republic of the Philippines
Department of Education

01 APR 2016

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 54 s. 2016

PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA WIKA AT PANITIKANG SEBWANO NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF)

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punungguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Upang maitampok ang wika at panitikang Sebwano, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng **Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikan Sebwano** mula Abril 25 hanggang 27, 2016 sa Unibersidad ng San Carlos (USC), Lungsod Cebu.

2. Ang layunin ng Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

a. himukin ang pagtangkilik sa wika at panitikang Sebwano;
b. makatulong sa kasalukuyang paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo; at
c. matalakay ang mga kinakaharap nitong mga isyu at pagbabago bilang mahalagang sandigan sa pagpapaunlad pa lalo ng wika at panitikang Filipino.

3. Ang kumperensiya ay tatalakay sa iba't-ibang isyu at paksa hinggil sa wika at panitikang Sebwano. Magkakaroon ng apat na sesyon ayon sa tentatibong talatakdaang ito:

Araw	Sesyon	Paksa
Abril 25	Una	Kasaysayan ng Panitikang Sebwano
Abril 26	Ikalawa	Panitikang Sebwano at ang Pagbuo ng Panitikang Pambansa
	Ikatlo	Ang Kontemporaneong Panitikang Sebwano
Abril 27	Ikaapat	Ang Wikang Sebwano/sa Gitnang Bisayas sa panahon ng K to 12 at MTB-MLE

4. Ang mga inaanyayahang dumalo sa nasabing kumperensiya ay ang mga mag-aaral, manunulat, at mananaliksik ng wika at panitikan, at mga guro sa elementarya at sekundarya na nagtuturo ng Kasaysayan, Sebwano, at Filipino sa pampubliko at pampribadong paaralan.

5. Ang registration fee ng bawat kalahok na nagkakahalaga ng Tatlong Libong Piso (P 3,000.00) para sa seminar kit at pagkain lamang ay manggagaling sa personal na pondo ng mga dadalo. Hindi kasama ang panuluyan sa halagang nabanggit.

6. Upang makakuha ng dagdag na impormasyon, ang sinumang interesado ay maaaring makipag-ugnayan kina **Dr. Hope S. Yu** sa mobile phone: 0917-323-3190 o mag-email sa imongpaglaum@gmail.com o ang.paglaum@yahoo.ca. Maaari ring makakuha ng dagdag na detalye kay **Bb. Einzoely M. Agcaoili**, Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), 2/F Watson Bldg., 1610 JP Laurel St., Malacañang Palace Complex, San Miguel, Maynila sa telepono: (02) 736-2525 lokal 105; (02) 708-6972 o sa mobile phone: 0935-331-1577 o mag-email sa emagcaoili@kwf.gov.ph.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Sanggunian:
W a l a

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCE
LEARNING AREA, Filipino
SEMINARS
STRAND: Curriculum and Instruction
TEACHERS

Blanco, Geli/DM Sebwano Conference KWF
0185/March 7/30, 2016